Palabas na **balita**

# Badyet 2024 Inuuna ang mga Albertan at mga pamilya sa Alberta

Pebrero 29, 2024

Makakakuha ng tulong ang mga pamilya sa Alberta upang mapanatiling abot-kaya ang pamumuhay sa pampinansyal na plano ng pamahalaan para sa susunod na taon.

Upang madagdagan ang suplay ng abot-kayang pabahay, ang badyet ay nagbibigay ng $717 milyong mga gawad para sa mga yunit ng gusali.

Mayroon din itong $355 milyon para sa Benepisyo ng Bata at Pamilya ng Alberta (Alberta Child and Family Benefit) para pagkalooban ng mga benepisyo ang mga mas mababa ang kitang mga pamilya, isang pagtaas ng $31 milyon mula sa nakaraang taon ng pananalapi.

Binabawasan din ng mabait sa manggagawa na planong buwis (worker-friendly tax plan) sa badyet ang mga personal na buwis sa kita ng $980 milyon sa 2024-25 – at makatitipid sa karaniwang manggagawa ng humigit-kumulang $760 bawat taon.

Ang mga taong mahigit sa edad na 65 taong gulang ay makakakuha ng bagong 25 porsiyentong diskwento sa mga opisina ng pagpapatala ng pamahalaan kung saan ang mga tao ay kumukuha ng mga plaka, mga permiso at iba pang mga serbisyo.

Ang iba pang mga panukala sa badyet ay magbibigay ng isang $38-milyong pagtaas sa mga pondo para sa mga pabahay at renta ng mga nakatatanda at karagdagang $22 milyon para sa mga foster na magulang at iba pang pangangalaga sa batang kita.

**Mga katanungan sa media**
Ashli Barrett
Kalihim ng Press, Mga Serbisyo sa Bata at Pampamilya
ashli.barrett@gov.ab.ca
58 7-545-8821

Pag-uuri: Protektado A